

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Kinilala ang Lungsod ng Brampton na #13 sa talaan ng Maclean para sa Pinakamagagandang mga Komunidad sa Canada 2021

BRAMPTON, ON (Abril 9, 2021) – Ang Lungsod ng Brampton ay kinilala ng Maclean’s Magazine bilang isa sa *Pinakamagagandang Komunidad sa Canada 2021*, isang ranking sa pinakamagandang lugar na tirhan sa bansa.

Sa nakaraang taon, ang Brampton ay nakapuwesto sa ika-199 sa talaan. Sa taon na ito, ang Brampton ay umakyat sa 13 sa 415 lungsod. Ang ranking ay nagha-highlight sa bawat nangungunang mga katangian ng komunidad, kung saan ang *Pakikilahok ng Komunidad, Mga Amenity at Pagiging Konektado sa Internet* ng Brampton ang nagtatangi sa lungsod bilang isa sa nangungunang lugar na titirhan at pagtatrabahuan nang remote sa Canada.

Ang eksklusibong ranking ng Maclean sa pinakamagagandang mga lugar na tirhan sa bansa ay nagsaalang-alang sa pandemya ng COVID-19 at na mas maraming tao ang nagtatrabaho at nag-aaral mula sa bahay. Gamit ang datos na ibinigay ng Environics Analytics and the Canadian Internet Registration Authority (CIRA), pati na rin ang mga figure na pwedeng ipakita sa publiko mula sa sari-saring mga pinagmumulan, tinimbang nila ang hanay ng mga kategorya batay sa kung gaano kahalaga na pinaniniwalaan nila ang bawat isa sa karaniwang tao at ini-rank ang bawat munisipalidad ayon dito.

Isinaalang-alang sa ranking ng Maclean ang pagiging abot-kaya ng pabahay, paglaki ng populasyon, mga buwis, krimen, klima, access sa health care, mga amenidad at pakikilahok ng komunidad. Inilakip din nito ang performance ng broadband na bagong kategorya ng rating batay sa datos mula sa CIRA.

Para sa karagdagang impormasyon at para makita ang kumpletong listahan, bisitahin ang www.macleans.ca

Mga Quote

“Ang Brampton ay ligtas, sustenable at matagumpay na Lungsod at ipinagmamalaki ko ang makilala ng Maclean hindi lamang bilang isa sa Pinakamagagandang Komunidad sa Canada, ngunit ang makaakyat din sa puwestong #13 mula sa #199 sa iisang taon. Patuloy nating itinatayo ang isang umuunlad na lungsod para sa ating mga residente na konektado, sustenable, nagsasalali at nakaposisyon para sa dagdag na pag-unlad ng ekonomiya at paglikha ng trabaho.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

"Ang makilala ng Maclean bilang isa sa Pinakamagagandang Komunidad sa Canada ay paglalarawan ng ginagawang trabaho ng ating team para makapagbigay ng makahulugang mga resulta sa ating mga residente, Dedicated tayo sa paghahatid ng mga resulta para sa ating komunidad, at sa pamamagitan

ng pagpapasulong ng Termino ng mga Prayoridad ng Konseho, patuloy nating gawin ang Brampton bilang isang lokasyon na pipiliing tirhan, pagtrabahuhan at pagsasayahan.”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca